

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nararating ng Brampton ang bagong milestone sa Ahensya ng Pagpapaunlad ng Industriya ng Sining, Kultura at Creative

BRAMPTON, ON (Pebrero 18, 2021) – Nahirang kahapon ng Konseho ng Lungsod ng Brampton, si Nuvi Sidhu ay nakumpirma bilang inaugural Chair para pamunuan ang pagsisimula at incubation ng pinaka-unang Ahensya ng Pagpapaunlad ng Industriya ng Sining, Kultura at Creative ng Lungsod.

Sa loob ng nakalipas na walong taon, si Nuvi Sidhu ay naging kampeon ng komunidad ng lokal na artist, ginagamit ang malakas na mga skill sa komunikasyon at sa mga pangangasiwa ng proyekto para bumuo ng mga relasyon at suporta para sa lumilitaw na mga artist ng komunidad ng Brampton. Siya ay may sampung taon na karanasan sa pakikilahok sa komunidad sa GTHA at nagtrabaho kasama ang maraming artist at mga non-profit na managing artist showcase at nagpapaunlad ng mga workshop para suportahan ang creative na sektor.

Sasamahan siya ng Senior Program Lead na si Michael Vickers para gabayan ang pagsisimula at formation sa kalaunan ng isang independiyenteng non-profit para suportahan ang malakas, mapanlikha at pangnegosyong Brampton. May dalang sampung taon na karanasan si Michael na humuhubog sa mga inisyatiba mula sa ground pataas, na nakabuo ng reputasyon bilang isang estraterhik na lider na responsable sa pag-debelop ng pagpapalakas ng diverse, mapanlikhang mga komunidad at programa. Pinakahuli, si Michael ay Co-Director ng samahan ng sining na Akin na nasa Toronto, kung saan pinamunuan niya ang pagpapalano at operations para likhain ang pinakamalaking provider ng abot-kaya, pinagsunoang studio spaces sa Canada.

Ang bagong organisasyon na ito ay tatakbo na independiyente sa Lungsod at isang mahalagang partner sa paghahatid ng ambisyosong pananaw ng Lungsod para sa sining, kultura at creative na industriya ayon sa binalangkas sa estraterhik na bisyon ng Lungsod at Pangkulturang Master Plan.

Ang Ahensya ay inaasahan bilang isang ahensya ng pagpapaunlad sining, kultura at creative na industriya, nagpapaunlad, nagpapalaki, nagdiriwang, nagtataguyod para sa at kumokonekta sa sektor sa pamamagitan ng pagbibigay ng hanay ng mga programa, serbisyo at resource.

Inaprubahan ng Lungsod ng Brampton ang Pangkulturang Master Plan nito sa 2018 para ipagtibay ang estraterhik na daan para maging mapanlikha, nagpapahayag at konektadong urban na lungsod.

Tungkol kay Nuvi Sidhu

Si Nuvi Sidhu ay isang Project Management Consultant, at nagpapatakbo ng NuvCo Inc. sa loob ng nakalipas na 5 taon, para magbigay ng mga serbisyo ng pangangasiwa ng proyekto sa mga lokal na artist, mga creative at/o mga non-profit. Sa kasalukuyan, si Nuvi ay isang Senior Producer sa Point Blank Creative, isang advertising agency na tumutuon sa mga digital na kampanya at creative na mga proyekto dati, naglingkod si Nuvi bilang isang Project Manager para sa mga artist at mga kliyente ng Brampton kabilang ang Rupi Kaur Inc, SOCH, The Element, at Noyz. Dati hinawakan ni Nuvi ang sari-saring mga tungkulin sa pampublikong sektor bilang Senior Project Management Consultant sa Centennial College, at sa Infrastructure Ontario. Si Nuvi ay may bitbit na 9 na taong karanasan sa project management, 4 na taon na karanasan sa government relations, at higit sa 10 taon na pag-organisa ng mga proyekto ng komunidad sa sining at kultura sa loob ng Rehiyon ng Peel hanggang sa

tungkulin na Inaugural Chair ng pinakaunang Ahensya ng Pagpapaunlad sa Industriya ng Sining, Kultura at Creative ng Brampton. Hawak ni Nuvi ang Bachelor of Arts Degree mula sa York University at isang Project Management Certificate mula sa Sheridan College. Kinikilala siya bilang isang Project Management Professional (PMP), ng Project Management Institute.

Hahawakan ni Nuvi ang tungkulin ng volunteer sa Inaugural Chair, habang nag-i-incubate ang Ahensya ng Pagpapaunlad sa Industriya ng Sining, Kultura at Creative at matagumpay na lilipat para sa estadong not-for-profit sa loob ng 3 taon na yugto. Ang pagrekluta ng Chair ay sumunod sa proseso at detalyadong sukatan ng kwalipikasyon na inaprubahan ng Konseho noong Enero 2020.

Tungkol kay Michael Vickers

Isang award-winning artist na kinilala ng Ontario Arts Council, Toronto Arts Council, at Canadian Council for the Arts; sa loob ng nakalipas na 9 na taon, si Michael ay naglingkod bilang Co-Director ng Akin Collective, isang GTHA arts na organisasyon na nagbibigay ng espasyo ng creative studio pati na rin ng arts-based programming. Ang mga studio na ito ay nagbibigay ng gumaganang kapaligiran na nag-aalok ng nagpapasiglang atmospera kung saan ang mga tao ay makapagtrabaho sa isang mapanlikhang endeavor at pangnegosyong pangangasiwa ng lahat ng uri. Itinatayo ng Akin ang komunidad sa pamamagitan ng buwanang pagpuna sa sining, workshops, bukas na mga studio event, gallery tours, exhibitions, pati na rin ang sari-saring iba pang proyektong pansining. Dati, hawak ni Michael ang mga tungkulin sa iba't ibang gallery sa Toronto at New York City. Nagturo si Michael ng Contemporary Art sa Humber College, nag-lecture sa Humber College at OCAD University, at may hawak na mga residencyang pansining sa Banff Centre for Arts and Creativity- Leaders' Lab, AZ West-Andrea Zittel Wagon Station Encampment sa California, at VSVSVS Studio Residency sa Toronto. Hawak ni Michael ang Bachelor of Arts, Majoring in Visual Arts mula sa University of Ottawa, at isang Master of Arts sa Contemporary and Modern Art History mula sa University of Toronto.

Mga Quote

“Ang Ahensya na ito ay gaganap ng napakahalagang tungkulin sa pagpapalakas ng sining bilang pang-ekonomiyang driver at pagpapabago sa kasalukuyang pangkulturang kapaligiran tungo sa isang umuunlad na eksena ng sining – kumpleto sa mga pagkakataon na mag-produce, lumahok sa at komunsumo sa mga produktong creative na hihikayat sa progreso ng kultura at komunidad, hihikayat ng pamumuhunan at itayo ang identidad ng Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

Ang pagkakaroon ng isang ahensya na tanging nakatuon sa pagpapaunlad ng sining, kultura at creative na industriya kaayon ng Pangkulturang Master Plan ng Lungsod ay napakahalagang link sa pagtayo ng malakas na mapanlikha at pangnegosyong ekolohiya sa Lungsod ng Brampton. Ang Komunidad ng Sining sa Brampton ay isang mahalagang parte ng Pagbangon ng Ekonomiya ng Lungsod at ang bagong milestone na ito ay tutulong sa Ahensya ng Pagpapaunlad ng Industriya ng Sining, Kultura at Creative ng Lungsod na ipasulong ang mahalagang trabaho na iyon.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal. Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang pagtalaga ng isang Chair na mangangasiwa sa isang advisory panel at magbibigay ng pamamalaha at liderato ay isang milestone sa pagsisimula at pagpapaunlad unang Ahensya ng Pagpapaunlad ng Industriya ng Sining, Kultura at Creative ng Lungsod ng Brampton. Ang tungkulin na ito, kasama ang Senior Lead, ay magiging napakahalaga sa pagtataguyod ng kahalagahan at estado ng sining sa Brampton.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang industriya ng Brampton sa Sining, Kultura at Creative ay isang mahalagang parte ng masiglang Diversity ng ating lungsod. Sa pamamagitan ng malapitang pagtutulungan ng ekspertong advisory panel ng Ahensya, ang ating team ay committed sa pagtataguyod sa umuunlad na eksena ng sining at kultura sa Brampton na umaambag sa pangkalahatang kabutihan ng ating komunidad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

"Nasasabik akong umpisahan na pangasiwaan ang pinakaunang Chair para sa Ahensya ng Pagpapaunlad ng Industriya ng Sining, Kultura at Creative ng Lungsod ng Brampton, inaasahan kong lumapit at makipagtrabaho sa maraming talented na mga artist at mga organisasyon na pansining na umaambag sa diversity ng creative na komunidad ng Brampton. Magkasama, ang mga artist sa Brampton ay ang nasa harap, umaasa ako na makakapagtrabaho tayo para makita na nagkakabuhay ang bisyon para sa ahensya. Nasasabik din akong magtrabaho kasama si Michael Vickers, sa kanyang tungkulin bilang Senior Project Lead, na siyang magbibigay ng liderato at expertise sa estrategik na pagpapalano para sa paglulunsad nitong bago at kapana-panabik na organisasyon."

- *Nuvi Sidhu, Chair, Ahensya ng Pagpapaunlad ng Industriya ng Sining, Kultura at Creative ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca